

Mga negosyante napa-wow sa DOST "tech"

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Mga posibleng investment at negosyo ang nakikita ng mga lokal na mamumuhunan sa katatapos lamang na Technology Transfer Day ng Department of Science and Technology (DOST) sa Visayas.

Wika ni Ginoong Jude P. Abenoja, pinuno ng Ormoc City Chamber of Commerce and Industry (OrCham) sa pinakamalaking pagtitipon ng mga negosyante sa rehiyon na ginanap sa Ormoc City Superdome, "we asked DOST to be our partner."

Bilang panimulang aktibidad ng ika-25th Visayas Area Business Conference, isinagawa ng DOST ang Technology Transfer Day na kung saan dinala mula Maynila ang 74 teknolohiya na maaaring i-adopt ng mga mamumuhunan sakaling kakitaan ng potensyal ang mga teknolohiyang nakalatag.

"We are selling technologies, not products," paglilinao ni Usec. Rowena Cristina L. Guevara sa mga produktong nakapukaw ng pansin ng mga mamumuhunan.

Ang ilan sa mga tampo na produkto ay hindi pa nailalagak sa merkado habang ang ilan ay kaliao lamang nailabas sa pamilihan.

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

"Feminized" karpa, indikasyon ng polusyon sa lawa	p3
"DOST success story," inilunsad ng DOST.....	p3
Galvez, bagong DOST Assistant Secretary	p4
LarawaNews.....	p4

Ika-1000 STARBOOKS site, nakamit ng Calauan, Laguna



Pinangunahan ni DOST Secretary Fortunato T. De La Peña (pangatlo mula kanan) kasama sina Calauan Mayor Buenafredo T. Berris (pangalawa) at Dr. Florentina C. Rancap, (una) ng Department of Education ang paglulunsad ng marker sa Dayap National High School bilang ika-1000 site ng STARBOOKS. Kasama rin sa larawan sina DOST Assistant Secretary for Countryside Development Urduja A. Tejada (ika-apat), DOST Region IV-A Director Alexander R. Madrigal, DOST-STII Director Richard P. Burgos at Provincial S&T Center-Laguna Director Samuel L. Caperina. **(Kuha ni Gerardo Palad, S&T Media Service, DOST-STII)**

Ganado sa pagsasaliksik at maypagmamalaki ang mga estudyante ng Dayap National High School ng Brgy. Dayap, Calauan, Laguna sapagkat kanilang nakamit ang karangalan bilang ika-1000 site ng Super STARBOOKS.

Ang milestone na ito para sa kaunang stand-alone, digital library ng bansa ay nakamit matapos maabot ang ika-1000 lugar na mayroong STARBOOKS o Science and Technology Academic and Research-Based Openly Operated Kiosk Station sa bansa. Ang isang site o lugar ay maaaring magkaroon ng isa o mas higit pa sa isang yunit ng library-in-a-box na dinebelop ng Science and

Technology Information Institute (DOST-STII) ng Department of Science and Technology.

Ang STARBOOKS ay naglalaman ng local at foreign S&T resource material mula text, video, at audio format, journal, technology material, hanggang sa mga livelihood video. Ito ay mayroon ding malawak na topic sa food, nutrition, health, medicine, energy, environment, Climate Change, livelihood project, at marami pang iba.

Bukod pa rito, ang STARBOOKS ay hindi nangangailangan ng Internet connection na angkop sa mga probinsiya na mahina ang signal ng Internet. Dahil dito, ang STARBOOKS

sundan sa pahina 2

STARBOOKS, katulong ...

Mula sa pahina 1

ay isa sa mga teknolohiyang ipinagmamalaki ng DOST at mayroong malaking bilang ng mga adopter mula nang ito ay inilunsad noong 2011.

Pinangunahan ni DOST Secretary Fortunato T. De La Peña kasama sina Calauan Mayor Buenafredo T. Berris at Dr. Florentina C. Rancap, ng Department of Education ang paglulunsad ng marker bilang ika-1000 site ng STARBOOKS sa nasabing paaralan.

Kasama rin sina DOST Assistant Secretary for Countryside Development Urduja A. Tejada, DOST Region IV-A Director Alexander R. Madrigal, DOST-STII Director Richard P. Burgos at Provincial S&T Center-Laguna Director Engr. Samuel L. Caperina.

Noong 2011, ang STARBOOKS ay inilunsad bilang tugon ng kagawaran upang magbigay ng kaalaman, impormasyon at maging referenece material sa larangan ng science and technology (S&T).

Samantala, sa bago nitong bersyon, ang Super STARBOOKS ay naglalaman ng mas pinalawak na koleksyon ng S&T material, kasama ang mga livelihood video na tinawag na "Tamang DOSTkarte" para sa mga nagnanais magkaroon ng dagdag na pagkakakitaan.

Sa kasalukuyan, ang DOST-STII ay patuloy na nag-iinstall ng mga yunit ng STARBOOKS sa iba't ibang bahagi ng bansa upang makatulong sa pagpapalaganap ng kaalaman sa S&T.

At dahil sa makabagong paraan nito ng pagbibigay impormasyon, ang STARBOOKS ay ginawaran ng pagkilala ng prestihiyosong American Library Association Presidential Citation for Innovative International Library Projects noong Hunyo 29, 2015 sa International Librarians Reception, San Francisco Library, San Francisco, California, USA.

Ito ay nakatanggap din ng pagkilala sa Philippine Association of Academic and Research Librarians bilang Outstanding Library Program of the Year noong 2015.

Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa STARBOOKS, maaari lamang mag-email sa dost.starbooks@gmail.com or orstarbooks@stii.dost.gov.ph o tumawag sa numerong (632) 837-2071 local 2135, (632) 837-2191 hanggang 95 local 105/106, (632) 837-2071 local 2130. **(Impormasyon mula kay Rodolfo P. de Guzman, S&T Media Service, DOST-STII)**



Tinikman ng mga interesadong kalahok ang mga pinakahuling produkto na nagmula sa teknolohiya ng DOST. (Kuha ni Framelia V. Anonas, S&T Media Service, DOST-STII)

Ang ilan sa mga nagsipagdalo ay namangha sa mga masasarap at masustansyang produkto na mula gulay hanggang mga prutas. Ang mga produktong ito na malulutong at vacuum sealed ay ilan sa mga produktong ginamitan ng mga processing equipment ng Food Innovation Center (FIC) ng DOST.

Ang mga teknolohiya ay inilalapat sa mga mamumuhunan upang i-license ang paggawa nito upang makagawa ng mga bagong produkto sa merkado.

Nais ng FIC na matapatan ng DOST ang mga bansa mula sa ASEAN sa paggawa ng mga makabagong pagkain para sa global market.

Ani Abenoja, kanyang inilapat kay DOST Region VIII director Edgar M. Esperancilla na magkaroon ng DOST Technology Transfer Day, isang araw bago ang malaking pagtitipon upang mailapit ang teknolohiya at ang DOST sa sektor ng pagnenegosyo sapagkat pareho ang adhikain ng dalawang institusyon upang mapalago ang ekonomiya sa lalawigan.

Ayon kay Abenoja, ang mga teknolohiya tulad ng carrageenan plant growth promoter, semen extender para sa kambing, nipa sap sugar production, stabilized brown

rice, complementary food, DOST tablea, STARBOOKS, Eco-friendly septic system, at abaca fiber para sa packaging at currency base na papel ay malaki ang potensyal na umunlad sa nasabing rehiyon

"The 11 technologies are handpicked as these as seen to work in our area," wika Abenoja.

Dahil dito, maraming term sheet o interest mula sa mga mamumuhunan upang i-adopt ang mga teknolohiya. Ito ay ikinatuwa naman ng mga nag-organisa sa pangunguna ng DOST-VIII, DOST- Technology Application and Promotion Institute, OrCham, at Eastern Visayas State University.

"The partnership doesn't end here," pahayag ni Abenoja.

Ang OrCham ay dati na ring naging katuwang ng DOST VIII sa pag-organisa ng Visayas Cluster Regional Science and Technology Week noong Hulyo.

"We would like to confirm our commitment that this partnership doesn't end here. With the help of DOST, OrCham will help the pineapple and jackfruit sector. We already discussed this with Mayor Richard Gomez," dagdag pa ni Abenoja. **(Impormasyon mula kay Framelia V. Anonas, DOST-STII)**

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD

Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO

Copy Editor

JAMES B. INTIA

Layout

MA. JUDITH L. SABLAN

Proofreader

Ferdinand D. Cartas

Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalaín ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST). Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

“Feminized” karpa, indikasyon ng polusyon sa lawa

Possible nang malaman ang bigat ng polusyon sa mga dagat sa pamamagitan ng isdang karpa.

Sa isang pag-aaral na isinagawa ni Dr. Michelle Grace V. Paraso ng College of Veterinary Medicine, University of the Philippines, Los Baños, ang karpa ay maaaring magamit bilang biomarker upang ma-detect ang antas ng polusyon sa mga katubigan ng bansa.

Ayon sa pag-aaral, ang karpa ay ginamit upang mabatid ang antas ng kontaminasyon ng Lawa ng Laguna sa mga sumusunod na lugar: Sta. Cruz at Paete, Laguna at ang mga lungsod ng Taguig at Muntinlupa.

Ang biomarker ay isang uri ng organismo na mayroong partikular na sangkap na maaaring maging indikasyon ng mga pangyayari tulad ng polusyon at iba't ibang uri ng impeksyon at sakit.

Napag-alaman ni Dr. Paraso na malaking bahagi ng mga lalaking karpa sa apat na test

site ay nagkaroon ng maikling ari kumpara sa normal na sukat. Ang maikling sukat ng ari ng karpa ay isang indikasyon na ang isda ay nagiging babae ang kasarian. Ang ganitong pangyayare ay nagsasabi na ang mga isda ay naharap sa partikular na uri ng “pollutant” na kilala bilang estrogen.

Ayon pa sa pag-aaral, ang pagbabago sa reproductive condition ng karpa ay dulot ng maraming dahilan, gaya ng dami ng artipisyal na pakain, kalidad ng tubig, at temperatura.

Ang estrogenic contaminant ay ang pagkakaroon ng estrogen sa di-natural na pamamaraan. Ito ay kadalasang nangyayari dahil sa mga kimikal na nagmumula sa kapaligiran na siya ring dahilan ng pagbabago ng kasarian ng mga organismo gaya ng isda.

Si Dr. Paraso ay isang dalubhasa mula sa Veterinary Medicine Division ng National Research Council of the Philippines ng Department of Science and Technology na



Ang pagbabago sa sukat ng ari ng karpa kumpara sa normal na sukat nito ay indikasyon ng mataas na lebel ng polusyon sa isang lawa. (Larawan mula kay Val Zabala, S&T Media Service, DOST-NRCP)

nagpondo ng nasabing pag-aaral. Ang pag-aaral ay isang mahalaga sapagkat ito ay makatutulong upang mapanatili ang kalinisan ng kapaligiran. *(Impormasyon mula kay Geraldine Bulaon-Ducusin, S&T Media Service, DOST-STII)*

“DOST success story,” inilunsad ng DOST

Inilunsad kamakailan ng Department of Science and Technology-Technology Application and Promotion Institute (DOST-TAPI) ang dalawang lathalaing nagsasaad ng tagumpay ng mga karaniwang negosyanteng natulungan ng kagawaran upang lumago ang kanilang negosyo.

Ang “Kalipunan: Compendium of DOST Technologies,” at ang Venture Financing Program, Compendium of Successful TAPI-Assisted Projects ay inilunsad sa Cocoon Hotel, Lungsod ng Quezon.

Ayon kay DOST-TAPI director Edgar I. Garcia, “The launch of the publications and website will hopefully inspire our clients and encourage to forge new collaborations with our stakeholders.”

Ang naunang libro ay nagsisilbing reference ng publiko ng iba't ibang teknolohiyang nabigyan ng tulong ng ahensiya upang ito ay maisa-komersyo o maibenta sa merkado. Ito ay naglalaman ng larawan at mga impormasyong naglalarawan sa teknolohiya, contact detail ng gumawa ng teknolohiya, at ang mga indibidwal na nakinabang sa nasabing teknolohiya.

Samantala, ang “Compendium of Successful TAPI-Assisted Projects” naman ay naglalarawan sa 37 negosyanteng natulungan



ng DOST-TAPI upang maiangat ang kanilang negosyo sa pamamagitan ng “grant” ng kinakailangang kapital at mga naaayong kagamitan upang mapatakbo ang negosyo ng wasto.

“I hope everyone here is as excited as I am to marvel at the collection of DOST-assisted innovations in ‘Kalipunan: Compendium of DOST Technologies’, to be inspired by stories of entrepreneurial success in the ‘Compendium of Successful TAPI-Assisted Projects Under Venture Financing Program,’ pahayag ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña na binasa ni DOST Undersecretary Rowena Cristina Guevara.

Sa kasalukuyan, ang DOST-TAPI ay mayroong pitong sektor na pinaglalaanan ng suporta upang mapalago na kinabibilangan ng food processing, furniture, gift, housewares at decor; marine at aquaculture horticulture, metals and engineering, health products and pharmaceuticals; at ICT and electronics.

Ang DOST-TAPI ay ang ahensiya ng pamahalaang tumutulong upang madala sa merkado ang mga lokal na teknolohiya at mga produkto sa pamamagitan ng mga programang nag-aangat sa kapasidad ng mga micro, small, and medium enterprise sa pamamagitan ng teknolohiya.

Galvez, bagong DOST Assistant Secretary



Nanumpa kamakailan si Atty. Emmanuel Galvez (pangatlo mula kaliwa) kay DOST Secretary Fortunato T. De La Peña (pangalawa mula kaliwa) bilang Assistant Secretary ng DOST. Kasama sa larawan sina Undersecretary Carol M. Yorobe (una mula kaliwa), maybahay ni Atty. Galvez na si Ginang Josefina R. Galvez, Incoming Undersecretary Anthony Sales, at Assistant Secretary Urdujah A. Tejada. (S&T Media Service, DOST-STII)

Nanumpa kamakailan bilang Assistant Secretary for Finance, Administrative, and Legal Affairs si Atty. Emmanuel S. Galvez ng Department of Science and Technology (DOST) kay DOST secretary Fortunato T. Dela Peña kamakailan.

Si Atty. Galvez ay magsisilbi ring general counsel at head lawyer ng kagawaran, maging ang mga regional office at ahensiya sa ilalim nito.

Sa pag-upo niya bilang Assistant Secretary ay dadalhin ni Atty. Galvez ang kanyang malawak na karanasan mula sa pribado at pampublikong sektor. Kabilang

dito ay bilang legislative head ni Senator Agapito "Butz" Aquino at executive director ng Department of Agrarian Reform Adjudication Board. Siya rin ay naging Associate Solicitor III ng Office of the Solicitor General.

Siya ay humawak din ng mga posisyon sa pribadong sektor bilang Vice President at Legal Counsel ng Distileria Limtuaco Group of Companies; Vice President for Legal ng Araneta-affiliate Uniprom Inc; at General Counsel ng Splash Group of Companies.

Maliban dito, siya ay nagsilbi rin bilang Vice President for Compliance at Board Secretary ng Social Housing Finance Corporation.

Si Atty. Galvez ay itinalaga ni Pangulong Rodrigo R. Duterte noong 5 Setyembre 2016.

Ayon kay DOST secretary Dela Peña, "sa malawak na karanasan ni Atty. Galvez bilang legal counsel ng iba't ibang kumpanya at ahensiya ng pamahalaan, makakaasa na malaki ang maitutulong niya upang sa kagawaran upang mapabilis ang mga usaping legal sa DOST."

LarawaNEWS



Inilunsad ang Rapid Dengue Test kit na tinawag na Biotek-M (inset) kamakailan ng grupo ni Dr. Raul V. Destura at ang kanyang start up company na Manila Health Tek. Aniya, ang rapid dengue test kit na nagkakahalaga ng \$10 ay maaaring maibenta ng hanggang \$100 sa bansa. Dagdag pa ni Dr. Destura na sa pamamagitan ng "technology adoption" ay nagiging abot-kaya ang halaga ng mga kagamitang pangmedikal para sa mga Filipino. Ang Biotek-M ay suportado ng Department of Science and Technology-Philippine Council for Health Research and Development at ng Technology Application and Promotion Institute para sa komersiyalisasyon ng nasabing teknolohiya.